

# 1

Kung six years ago ay may nagsabi kay Agatha Krisantos na maglalakad siya sa lobby ng isang hotel para sa kanyang unang araw ng trabaho bilang sekretarya, tatawanan niya ito. Una, six years ago, Electrical Engineering ang kinukuha niya; pangalawa, isa siyang aktibong aktibista na lumalaban sa mga mapagsamantalang kapitalista kaya malayong magtrabaho siya bilang sekretarya sa isang hotel na pagmamay-ari ng isang kapitalistang kinamumuhian niya.

But as the saying goes, the only permanent thing in this world is change, at totoo naman, marami talagang changes na nangyari sa buhay ng dalaga sa loob ng anim na taon. Mga kritikal na pagbabago, mga crossroads, mga punto sa buhay ng isang tao na bumabago sa buong takbo ng buhay nito.

Una, na-kick out siya sa university kung saan siya nag-aaral ng kolehiyo noon dahil kahit gaano pa siya katalino, kung pagwewelga lang naman sa daan ang araw-araw na inaatupag niya, natural bagsak pa rin siya sa lahat ng subjects niya. Pangalawa, namatay ang ever supportive niyang ama kaya kinailangan niyang gumising sa katotohanan na hindi siya papakainin ng prinsipyo at paniniwala niya. Na kahit gaano pa kaganda ang paniniwala ni Marx na dapat ang labor ay paraan para paunlarin ng isang tao ang sarili nito, nanatili ang katotohanan na sa lipunang

## *The Playboy And His Secretary - Dior Madrigal*

---

kanyang ginagalawan, ang trabaho ay ang paraan para magbayad ng buwis, renta ng bahay, ilaw, tubig, damit, pagkain, at sa kaso ni Agatha, peace of mind. Dahil siguradong ha-hunting-in siya hanggang kabilang buhay ng kanyang ina kapag hindi siya nakakuha ng trabaho matapos siyang mag-aral ng anim na taon.

Kaya naman heto siya, imbis na nakapagtapos ng Electrical Engineering sa pinakatanyag na universidad ng bansa, siya ngayon ay isa nang glorified alalay, a.k.a. secretarya/personal assistant. Pero in fairness sa kanya, nakatapos siya with flying colors. *Summa cum laude* at scholar pa, hindi na nga lang sa UP kundi sa FEU. Pero hindi na iyon ang punto. Ang mahalaga ay may trabaho na si Agatha ngayon at makakatulong na siya sa pagbabayad ng bahay at pag-aaral sa kolehiyo ng kanyang kapatid. Kaya naman taas-noo siyang naglakad sa malaki at marangyang lobby ng *Olympus Hotel*.

Nakasuot ng typical corporate attire ang dalaga. Black, high waist buckle back pencil cut skirt at dark green blouse ang kanyang damit na bumagay sa napakaputi, napakalambot at napakakinis niyang balat. It came from the Chinese blood she inherited from her father. Her long wavy hair was carefully made into a French bun, ang kanyang mukha ay may kaunting makeup lang. She was not very pretty but she was very cute. People said she had a very nice and infectious smile; sabi rin, kapag tumitingin siya sa tao ay parang tumatagos daw sa kaluluwa. In short, ang sabi ng marami, nadadala raw ng ekspresyon ng mukha niya ang kakulangan niya sa ganda. Hindi siya sigurado kung compliment

ba iyon o insulto.

Nagpatuloy si Agatha sa paglalakad patungo sa lobby, dumerecho sa elevator at pumasok doon. Sa loob ng maliit na chamber, may nakasabay siyang isang babae at lalaki. Mukhang nag-aaway ang dalawa.

“I said it’s over, Gela, stop pestering me.” Matigas at matalas ang boses ng binatang kasabay ni Agatha. Hindi niya naiwasan na pasimpleng sulyapan ang dalawa. Maganda at guwapo ang mga ito—iyong tipong may lahing Kastila, matatangos ang mga ilong, Caucasian ang mga mata, malalim at tila kulay hazel pa. Matatangkad at very strong ang cheekbones at jawline. Maputi ang babae at namumula naman ang lalaki. They both have brownish hair, hindi niya mapagpasyahan kung fake ba iyon o totoo, fit na fit kasi sa hitsura ng dalawa ang kulay.

Tila naiyak na ang babaeng kausap ng binata.

“But why? Ano ba’ng ginawa kong mali—”

“I’m tired of you, that’s why,” he snapped.

“But—”

“Come on, akala mo ba talaga may patutunguhan tayo? I was just playing around, kahit kailan hindi tayo naging seryoso, at ano ba’ng ipinagmamalaki mo? Hindi ka naman virgin—”

Akmang sasampalin ng babaeng tinawag na Gela ang lalaki, pero maagap itong napigilan ng binata.

*The Playboy And His Secretary - Dior Madrigal*

---

*Engot, Girl! Dalawa ang kamay mo! Kapag pinigilan ang kaliwa, gamitin mo ang kanan! sulsol ni Agatha sa isip.*

“What’s wrong, Gela? Why play the victim now?” nang-uuyam na saad ng guwapong binata. “We had fun, didn’t we? You wanted the sex as much as I did, o disappointed ka ba na sinira ko ang ilusyon mo na makapag-asawa sa wakas ng isang mayamang lalaking tutustusan ang lahat ng luho mo? O nahihiya ka bang malaman ng mga kaibigan mo na nasama ka lang sa listahan ng maraming babaeng naikama—”

Isang malakas na sampal ang nagpatigil sa bibig nito. Natigilan ang tatlong nilalang sa loob ng elevator dahil sa di-inaasahang pangyayari.

Nanlalaki ang mga mata, Agatha stared in horror at the hand that slapped the man. She could not believe it, she must be hallucinating, she must be dreaming! Hindi posibleng kamay niya ang lumipad at sumampal dito. Dear Lord, ano ang sumapi sa kanya?

Naisip niya kung puwedeng gamitin ang temporary insanity excuse sa ganitong sitwasyon. Ni hindi niya matignan ang namumulang pisngi ng lalaki kung saan naka-imprint na ang kanyang manicured hand. Napapikit siya nang mariin.

Sa awa ng Diyos, bumukas ang elevator sa floor kung nasaan ang opisina ng boss niya. Dali-dali siyang lumabas.

“Nakakahiya ang ginawa ko. Sana huwag na ’kong habulin,

*The Playboy And His Secretary - Dior Madrigal*

---

sana mag-away sila ulit...” usal niya habang mabilis na naglalakad papunta sa receptionist na nakatalaga sa floor na iyon. “Hi, I’m Agatha Krisantos, I’m the new secretary designated for Sir Ochoa. Nand’yan na ba siya?” todo ngiti niyang bati rito na para bang wala siyang sinampal na estranghero na malamang ay naglalakad lang sa likuran niya.

“Uh... no, he’s not yet—ah, nand’yan na pala siya. Good morning, Sir,” bati ng lalaking receptionist sa kung sinumang nakita nito sa kanyang likuran.

Kahit hindi pa sigurado, kinabahan na si Agatha.

“Good morning, Steven.” Nang marinig ang boses nito, napapikit siya nang mariin. Nightmare confirmed. Iyon nga ang boses na iyon! Gusto na niyang magpalamon sa lupa.

“So, ito ba ang bago kong secretary?” Matalas pa rin ang boses nito.

“Ah, yes, Sir.” Kahit ang receptionist, na-sense kaagad ang animosity ng kanilang boss. “Miss Agatha, this is Sir Michael Ochoa, ang may-ari ng *Olympus Hotel*,” tila natatakot na sabi nito.

Kagat-kagat ang labi at minumura ang lahat ng demonyo sa lupa, mabilis siyang nag-bow paharap sa boss nila.

“Good morning, Sir! Pleased to meet you! I hope we could have a great and long-lasting working relationship! I promised to be the most efficient and effective secretary you would ever have!”

*The Playboy And His Secretary - Dior Madrigal*

---

Nanatili siyang nakatungo na tila isang Hapon sa harap ng binata.

“Inside my office, now.” Iyon lang at naglakad na ito papasok sa opisina nito.

Napamura siya sa sarili. Mukhang nakahanap na naman siya ng isang life-changing event ng buhay niya.

---

“I’m deeply sorry!” napatungong saad ni Agatha pagkapasok na pagkapasok niya sa loob ng opisina ni Michael. Tila hari na nakaupo sa trono ang binata sa swivel chair nito.

“Kusa lang talagang gumalaw ang kamay ko, hindi ko po sinasadya, Sir! Di ko lang talaga natiis na may babaeng pinagsasalitaan ng ganoong ka-brutal. Bilang babae, hindi ko lang po talaga matanggap... napakabastos kasi, napaka-heartless, napakawalang pakundangan—” Mabilis niyang tinakpan ang bibig. Damn it! Old habits really die hard. Every now and then, hindi niya talaga maiwasang lumabas ang pagiging aktibista sa loob niya.

Bahagyang umangat ang sulok ng mga labi ng amo sa naging reaksiyon niya.

“So,” anito, “sa tingin mo ba talagang naging malupit ako kanina kay Gela?”

Napakagat-labi siya. Tinatanong ba talaga siya nito? Dapat

ba niyang sagutin iyon?

“Answer me, Miss Krisantos,” matigas ang boses na utos nito.

“Uh... yes, Sir, pero hindi pa rin tama na sinampal ko kayo, violence is never the solution,” kambyo niya.

“You were very brave, aktibista ka ba n’ung nag-aaral ka?” untag nito.

*Uh-oh.* Isa ito sa mga tanong na pinakaiwas-iwasan ni Agatha. Sinasadya niyang huwag iyon ilagay sa resumé for very obvious reasons.

Ayaw ng mga kapitalista sa mga aktibista.

“It’s okay, you can answer me honestly. I won’t fire you, I assure you that.” Hindi siya na-assure niyon, pero hindi rin niya magawang magsinungaling. May pakiramdam siya na mas malupit ang consequences kapag nagsinungaling siya sa isang tulad ni Michael Ochoa.

“Ah, yes, Sir. Involved po ako sa political activism noon sa first school ko.”

“Then bakit napunta ka sa ganitong trabaho? Why not continue pursuing your ideals? May mga trabaho naman para sa inyo sa *DSWD* at mga NGO, hindi ba?”

Muli, napakagat-labi si Agatha sa narinig. Ayaw niya talagang sagutin ang mga tanong na ganito.

*The Playboy And His Secretary - Dior Madrigal*

---

“Kasi, Sir, volunteer work lang usually kapag ganoon. Kung hindi man, napakaliit lang ng suweldo, halos allowance lang.”

Dahil hindi siya nakatingin sa mukha nito, hindi niya nakita ang nakakalokong ngiti sa labi ng binata.

“I see,” ang narinig niya mula rito. “That’s a very logical and practical excuse, sa tingin ko tama ang desisyon mo.” Tumayo ito sa swivel chair at kinuha ang car keys nito mula sa desk. “Come, may business meeting ako kasama ng mga kaibigan ko. I need you there.” Kaagad siyang napatingala rito.

“Really? Does this mean I’m forgiven? Walang punishment? Ganoon lang po?” Nasilaw siya sa ngiti nito. Ngayon hindi na siya nagtataka kung bakit naloko si Gela sa boss niya; the man can really be awfully handsome and charming when he smiled like that.

“It’s all right, you’re just an honest worker who is in dire need of money. I’m sure you need this job very much.”

Nakahinga nang maluwag si Agatha. May mauuwian pa siyang bahay mamaya.

“Yes, Sir, I really, really need this job. I’d do anything to keep it.” Tumalikod na ang binata sa kanya.

“That’s good to hear, I hope you don’t forget that.” At naglakad na ito palabas ng pinto. Maiintindihan lang ni Agatha ang ibig sabihin ng mga salitang iyon mamaya pa.